SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG ABRIL 19, 2021, LUNES, IKA-09:40 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |

RELEASED NAME DATE TIME OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN STA. CRUZ, LAGUNA

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED 05 MAY 2021 Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 232-T2021**

**KAPASIYAHANG NAGPAPAABOT NG TAOS PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NG YUMAONG DATING PUNONG BARANGAY KGG. RENATO ESTRADA RAMOS NG BARANGAY DUHAT, SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKAT**, si Renato Estrada Ramos ay ipinanganak noong Setyembre 15, 1951 sa Barangay Duhat, Santa Cruz, Laguna at binawian ng buhay noong Abril 13, 2021 sa Bayan ng Santa Cruz, Laguna;

**SAPAGKAT**, siya naging Punong Barangay ng tatlong termino mula 2002-2013 at bago pa noon ay nahalal siya bilang Barangay Kagawad noong 1996 ng nabanggit na Barangay. Gayun pa man siya ay naging Barangay President ng Barangay Duhat Senior Citizen (2016-2021); naging Federation President ng Senior Citizan sa Bayan ng Santa Cruz, Laguna (2016) at naging Secretary ng Liga ng mga Barangay taong 2002 at naging isang wagas, tapat at dalisay na pamamalakad at panunungkulan sa Pamahalaang Barangay upang maiayos ang antas ng pamumuhay;

**SAPAGKAT,** ang pagpanaw ni KGG. RENATO ESTRADA RAMOS ay malaking kawalan hindi lamang sa kanyang pamilya at mga kaibigan kundi na rin sa buong mamamayan ng Barangay Duhat;

**KUNG KAYA'T DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Louie C. De Leon, na pinangalawahan ng lahat ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna ay

**PINAGPASIYAHANG**: Ipaabot ang taos pusong pakikiramay at pakikidalamhati sa mga naulila ng yumaong dating Punong Barangay KGG. RENATO ESTRADA RAMOS ng Barangay Duhat, Santa Cruz, Laguna.

**PINAGTITIBAY. Abril 19, 2021**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo